# MABUTING MAKIPAG-USAP!

*Posted on 31.05.2024 by Adam Parnell*



**Categories:** General Maritime, Maritime

**Edition**MFB 75

**Editorial**

**Sa muli ay tinatampok namin ang malawak na seleksyon ng iba't ibang mga insidente. Nagpapasalamat kami sa lahat ng mga taga-ulat sa pagpapadala ng mga ito sa amin.**

Kung wala sila, ay wala ang Maritime *FEEDBACK* dito.

Sa edisyong ito, mayroon kaming tatlong iba't ibang klase ng sunog, dalawang hand injuries at iyong isa naman ay iba't ibang mga hindi magandang pangyayari; subalit, mayroon karaniwang hibla na nag-uugnay sa kanila. Marahil ang pinakamalinaw dito ay ang pangangailangan ng mas mabuting komunikasyon, maging ito man ay sa pagitan ng mga crew members o sa shore personnel o sa pangasiwaan ng barko. Ito ang tema na madalas nating nakikita sa mga ulat, at sa ngayon ay kitang kita naman ang importansya ng magandang komunikasyon para sa ligtas na mga operasyon. Kung may nakikita kayong hindi tama, dapat ay magkaroon ka ng lakas ng loob na magsalita. At kung pinanghihinaan ka na ipahayag ang iyong mga saloobin, kung gayon ay mas mainam na

maghanap ng kumpanya na mas sineseryoso ang kaligtasasan.

Tampok din ang teamwork at benepisyo ng pagkakaroon ng mutual support, lalo na kung ang tauhan ay kailangang magtrabaho mag-isa. May nangangasiwa ba sa pag-handle ng mooring ropes ng mga tripulante sa inyong barko, at nakakakuha ba ang electrician ng suportang kailangan nito? Tinitiyak ba ng pangasiwaan at mga local na ahente na mayroon kayo ng mga kinakailangang detalye upang ligtas na makapag-imbak at makapagdala ng mga kargo? Ang mga opisyales ninyo ba ay nakakatanggap ng suportang kailangan nila mula sa shore management kapag nahaharap sa pressure mula sa mga external sources na gustong mag-cut corners?

Sa edisyong ito, gumagamit kami ng salitang ‘escalate’, na ang ibig sabihin ay pagpasa ng inyong mga concern sa chain of command. Kapag may nakita kayong potensyal na problema, ipagbigay-alam sa senior officer na maaaring mag-escalate ng inyong ulat sa master. Maaari naman itong i-esclate ng master sa DPA, kung kinakailangan. Palaging sineseryoso at hinaharap ng mga matitinong mga opisyales ang inyong mga concerns.

Hanggang sa muli, manatiling ligtas.